

Buod ng Muling Pagbubukas ng mga Paaralan sa Washington 2020: Patnubay para sa Espesyal na Edukasyon

Tutulungan ng buod na ito ng [Muling Pagbubukas ng mga Paaralan sa Washington 2020: Patnubay sa Espesyal na Edukasyon](#) ang mga pamilya ng mga mag-aaral na may kapansanan na malaman ang dapat asahan kapag muling nagbukas ang mga paaralan. Tutulungan din nito ang mga pamilya na gumawa ng desisyon para sa kanilang mga mag-aaral. May mga estratehiya ang impormasyon para sa pag-aaral sa online, nang personal, at pinagsama ang dalawang paraan.

Pagpaplano ng Espesyal na Edukasyon para sa Muling Pagbubukas ng mga Paaralan sa Washington 2020

Pag-i-iskedyul ng mga Konseptong Isasaalang-alang

Isinulat ang patnubay na ito para tulungan ang mga paaralan na muling magbukas at magbigay ng espesyal na edukasyon. Maaaring ihatid ang mga serbisyo sa online, nang personal, o sa pamamagitan ng pinagsama ang dalawang paraan.

Patnubay sa Pagpaplano ng Espesyal na Edukasyon para sa Muling Pagbubukas ng mga Paaralan sa Washington 2020

- May mga gabay na tanong ang form tungkol sa pakikilahok ng pamilya, access sa wika, at teknolohiya. Mayroon ding mga tanong tungkol sa pagsuporta sa mga mag-aaral at mga kawani.
- Mayroon ding espasyo ang form para planuhin ang mga aksyon, iskedyul, at kung paano susukatin ng team ang pagtatagumpay.

Mga Pangangailangan sa mga Serbisyo sa Pagbawi bilang Resulta ng Pagsasara ng Pasilidad ng Paaralan dulot ng COVID-19

- May mga karagdagang serbisyo para sa mga mag-aaral na may kapansanan sa sandaling muling magbukas ang mga paaralan. Hindi lahat ng mag-aaral ay nangangailangan ng mga karagdagang serbisyo.
- Dapat tukuyin ng mga team ang mga pangangailangan ng mag-aaral dahil sa hindi pagpasok sa paaralan at mga napalampas na serbisyo sa panahon ng tagsibol ng 2020.
- Puwedeng magbigay ng mga serbisyo sa pagbawi pagkatapos ng oras ng pag-aaral o sa oras ng pag-aaral.



Mga Isinasaalang-alang sa Pagpili ng mga Kawani

- Bigyan ng pagsasanay ang lahat ng kawani kung paano suportahan ang mga mag-aaral na may kapansanan. Bigyan ng pagsasanay ang mga kawani sa paggamit ng naa-access na teknolohiya.
- Bigyan ng pagsasanay ang lahat ng kawani kung paano humiling at makipagtulungan sa mga interpreter.
- Tiyakin na alam ng lahat ng kawani kung paano humiling ng suporta para sa kalusugan ng pag-iisip para sa mga mag-aaral at kawani. Gumawa ng mga back-up na plano para suportahan ang mga mag-aaral kapag nagkasakit ang guro.

Mga Modelo ng Gawaing Mapagpabilang sa Buong Pagpapatuloy ng Muling Pagbubukas ng Paaralan

Mga Pakikipagtulungan at Pakikipagkomunikasyon ng Pamilya

- Dapat makipagtulungan ang mga paaralan sa mga pamilya para suportahan ang mga pangangailangan ng mag-aaral sa tahanan at sa mga gusali ng paaralan.
- Tiyakin na alam ng lahat ng kawani kung paano nakakaapekto ang rasismo, ableism, at trauma sa mga mag-aaral na may kapansanan at kanilang mga pamilya.
- Dapat makipagkomunikasyon ang mga paaralan sa mga paraang pinakamainam para sa mga pamilya. Dapat isagawa ang komunikasyon sa wikang sinasalita sa bahay.
- Dapat patuloy na subukan ng mga paaralan hanggang makaugnayan nila ang lahat ng pamilya.
- Dapat makipag-ugnayan sa kanilang paaralan at/o distrito ang mga pamilyang may mga alalahanin.

Pakikilahok ng Mag-aaral, Mga Suportang Pansosyal-Emosyonal, at Pang-ugali

- Dapat tulungan ng mga paaralan ang lahat ng mag-aaral na matugunan ang kanilang pansosyal, emosyonal, at pang-ugaling pangangailangan.
- Tiyakin na alam ng lahat ng kawani kung paano tulungan ang mga mag-aaral sa paraang iginagalang ang iba't ibang kultura.
- Tiyaking alam ng lahat ng kawani kung paano tulungan ang mga mag-aaral na nakararanas ng trauma.



Paghahatid ng Pagtuturo at Pangkalahatang Disenyo para sa Patuloy na Pagkatuto

- Dapat makipagtulungan ang lahat ng kawani sa mga guro ng espesyal na edukasyon para tulungan ang mga mag-aaral na may kapansanan.
- Kailangan ng lahat ng mag-aaral at mga pamilya ng access sa mga online na materyales at iskedyul ng aralin. Dapat maging flexible ang mga online na iskedyul.
- Kailangang makatanggap ang mga mag-aaral ng mga kaluwagan at suporta sa parehong online at sa personal.

Mga Serbisyo sa Espesyal na Edukasyon sa Buong Muling Pagbubukas ng Paaralan

Mga Ebalwasyon at Pagiging Karapat-dapat

- Dapat bantayan ng mga team ang pag-unlad ng lahat ng mag-aaral para suportahan ang mga pag-aaral at pag-uugali.
- Kailangang hanapin at suportahan ng mga distrito ng paaralan ang mga mag-aaral na may kapansanan. Tinatawag ang prosesong ito bilang paghanap ng bata.
- Dapat makipag-usap ang mga team sa mga pamilya tungkol sa mga pangangailangan ng mag-aaral sa paaralan at sa tahanan. Dapat ding talakayin ng mga team ang mga pangangailangan na dulot ng pagsasara ng mga paaralan noong tagsibol ng 2020.
- Puwedeng kasama sa datos para sa ebalwasyon ang mga obserbasyon at pagsusulit na nakumpleto nang personal o online. Dapat makumpleto ang mga nahuling ebalwasyon sa lalong madaling panahon.

Pag-unlad ng Individualized Education Program (IEP)

- Kailangang makatanggap ng mga serbisyo ng IEP ang mga mag-aaral. Puwedeng online, personal, o pareho ang paghahatid ng mga serbisyo.
 - Maraming mag-aaral ang puwedeng matuto online o gamit ang hybrid ng online at nang personal.
 - Kailangan ng ilang mag-aaral ng personal na pagtuturo para matuto. Kapag ligtas na itong gawin, dapat magbigay ang mga paaralan ng mga serbisyonang ito nang personal.
- Kapag ipinangkat ang mga mag-aaral para sa kaligtasan, dapat maging maingat ang mga paaralan na hindi lalong ihiwalay ang mga mag-aaral na may kapansanan. Dapat indibiduwal na gawin ang mga desisyon sa pagpapangkat batay sa pangangailangan ng mag-aaral.



- Puwedeng ibigay ang mga serbisyo nang one-on-one, sa maliliit na pangkat o sa isang klase.
 - Ang Espesyal na Idinesenyong Pagtuturo (Specially Designed Instruction, SDI) ay pagtuturo na binago para tulungan ang mag-aaral na may kapansanan sa pagkatuto.
 - Tinutulungan ng mga kaugnay na serbisyo ang mga mag-aaral na makinabang mula sa espesyal na edukasyon. Maaaring kasama sa mga suporta ang wika, pagkilos, transportasyon, at iba pa.
 - Tinutulungan ng mga karagdagang pantulong at serbisyo ang mga mag-aaral na may kapansanan sa mga setting ng pangkalahatang edukasyon. Puwedeng kasama rito ang suporta mula sa isang paraeducator, one-on-one, o sa mga pangkat.
- Matutulungan ng lahat ng kawani ang mga mag-aaral na may kapansanan. Kailangang idisenyo ng mga kawani ng espesyal na edukasyon ang pagtuturo at bantayan ang pag-unlad.
- Makatutulong ang mga pamilya na matuto ang mga mag-aaral sa tahanan at online. Dapat sanayin at suportahan ng mga paaralan ang mga pamilya kung kinakailangan.

Mga Suporta sa Teknolohiya at Pansuportang Teknolohiya (Assistive Technology, AT)

- Makatutulong ang teknolohiya sa mga mag-aaral na may kapansanan na matuto online, nang personal, o pareho.
- Kailangang ibigay ng mga paaralan ang teknolohiya sa IEP ng mag-aaral para tulungan silang matuto. Dapat isaalang-alang ng mga paaralan kung paano makatutulong ang karagdagang teknolohiya para matuto ang mga mag-aaral na may kapansanan.
- Kailangan ding tulungan ng mga paaralan ang mga pamilya na matuto kung paano gagamitin ang teknolohiya kapag natuto ang mga mag-aaral online.
- Tiyakin na alam ng lahat ng kawani kung paano gamitin ang teknolohiya para tulungan ang mga mag-aaral na may kapansanan na matuto at maging kabilang.

Mga Tiyak na Estratehiya para Suportahan ang mga Indibidwalisadong Pangangailangan ng mga Mag-aaral

- Maaaring mahirapan ang mga mag-aaral kapag muling nagbukas ang mga paaralan.
 - Maaaring kailangan nila ng tulong para matutuhan ang mga bagong gawain sa paaralan, online, o pareho.
 - Dapat magsanay ang mga mag-aaral sa paggamit ng mga iskedyul at teknolohiya para sa pagsasarili.



- Dapat magbigay ang mga paaralan ng mga suporta sa pag-uugali upang matuto ang lahat ng mag-aaral.
 - Dapat tumuon ang mga kawani sa pagsuporta sa positibong pag-uugali at iwasan ang pagpaparusa.
 - Dapat tulungan ng mga suportang ito ang mga mag-aaral na may mga emosyonal na pangangailangan.
- Para sa mga mag-aaral na may mga natatanging pangangailangan, dapat makipagtulungan ang mga espesyalista sa mga guro at pamilya para magbigay ng suporta sa paaralan, online, o pareho.

Pagbabantay ng Pag-unlad at Pag-uulat

- Kailangang idokumento ng mga paaralan ang pag-unlad ng mag-aaral sa bawat mithiin at layunin ng IEP.
- Dapat itala ng mga ulat sa pag-unlad kung ang mga serbisyo ay online o personal.
- Kailangang makatanggap ang mga pamilya ng mga ulat sa pag-unlad ayon sa nakaiskedyul sa IEP.
- Maaaring hilingin sa mga pamilya na tulungan ang mga paaralan na bantayan ang pag-unlad ng mag-aaral.

Maagang Pagkatuto

- Tiyakin na alam ng lahat ng kawani sa preschool kung paano tulungan ang maliliit na batang may kapansanan na matuto online, nang personal, o pareho. Dapat maging flexible at maikli ang mga aktibidad sa pagkatuto.
- Kailangang madalas na makipag-ugnayan ang mga team sa mga pamilya ng maliliit na batang may kapansanan.
- Kailangang makipagtulungan ang mga team sa mga pamilya para tulungan silang suportahan ang maliliit na batang may kapansanan sa tahanan.
- Kailangang magkaroon ng ebalwasyon at ipinapatupad na IEP ang mga batang 2 taong gulang na may kapansanan na nakakatanggap ng mga serbisyo sa panahong maging 3 taong gulang na sila.

Pagtatapos at Transisyon sa Segundarya

- Kailangang may High School at Plano Pagkatapos (High School and Beyond Plan, HSBP) ang bawat mag-aaral sa middle at high school. Dapat na nakaalinsunod ang HSBP sa mga serbisyo sa paglipat ng IEP para sa bawat mag-aaral na may kapansanan.
- Dapat planuhin ng mga team ang mga serbisyo sa paglipat sa paaralan, online, o pareho. Kailangang kasama rito ang pagtuklas ng karera.



- Maaaring kailangan ng mga mag-aaral sa high school ang mga serbisyo ng transisyon sa pagbawi. Maaaring kabilang dito ang mga mag-aaral na nakapagtapos o naging 21 taong gulang noong tagsibol ng 2020.

